# Pagsugpo sa crimes against women and children sa QC, mas paigtingin-Mayor Joy B

Ipinag-utos ni Quezon City Mayor Joy Belmonte sa mga opisyal at tauhan ng Quezon City Police District (QCPD) na mas paigtingin pa ang kampanya sa crimes against women and children sa lungsod.

Ito ang naging pahayag ni Belmonte sa idinaos na pagdiriwang ng ika-80th founding anniversary ng QCPD kahapon.

"Sana patuloy ko po kayong maaasahan sa pagpuksa natin sa mga lumalabag sa mga batas kontra violence against women and their children.", ani Belmonte.

Hiniling din ng alkalde ang mahigpit na implementasyon ng mga ordinansa kontra "catcalling" at "sexual harrasment".

"Tayo ang pinakaunang lungsod na nagpasa ng mga batas na ito upang ipakita na nirerespeto natin ang ating kababaihan.", dagdag pa ni Belmonte.

Samantala, pinuri naman ni Belmonte ang anti-criminality campaign ng QCPD kung saan ang tala sa index crimes ay bumaba ng 12.10 porsiyento habang ang non-index crimes ay bumaba rin ng 7.48 porsiyento mula Enero hanggang Setyembre 2019.

Dahil sa nakamit na ito ng QCPD, nagbigay ng ayuda ang pamahalaang lokal ng dalawang air-conditioned bus, bomb disposal robot, at sniper rifles.

"Kahit ano pangihiling ninyo ay ibibigay po ng Lungsod ng Quezon sa inyo, basta zero crime rate tayo bago matapos ang aking unang termino.", pahayag pa ni Belmonte. *(Emmanuel Tupas)*